

## Spring sa Brampton sa panahon ng COVID-19 pandemic

BRAMPTON, ON (Abril 30, 2020) – Sa inaasahang mas mainit na panahon, gustong paalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahagahan ng paglayo mula sa iba sa panahon ng COVID-19 pandemic. Para makatulong sa pagkontrol ng COVID-19 sa komunidad, hinihingi sa mga residente na tumupad sa sumusunod na mga regulasyon. Ang mga indibidwal na hindi tumutupad sa regulasyon na paglayo mula sa iba ay maaaring mamumultahan ng minimum na \$500 at maximum na hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag sa ilalim ng [Ordinansa sa mga Pamamaraan sa COVID-19 Emergency ng Brampton](#), o mamumultahan sa ilalim ng Emergency Management and Civil Protection Act (EMCPA).

### Paglilinis at garage sales sa Spring

Sa panahong ito, maaaring gustong magdaos o sumali ang mga residente sa garage sales para samantalahan ang paglilinis sa spring. Sa pagtupad sa mga regulasyon sa ilalim ng EMCPA, hindi pinapayagan ang garage sales dahil sa panganib sa kalusugan at kaligtasan na ibinabadya nito sa publiko. Nag-uugnay ito ng paghipo at paghawak sa mga nagamit nang mga paninda, at lumilikha ng di kailangang pagkakataon ng paglipat sa surface o ibabaw ng COVID-19. Ang garage sales ay itinuturing na hindi mahalagang negosyo at naghihikayat ng pagtitipon ng mga tao at napakalapit na pisikal na proximity. Kung maalertyahan na may nagaganap na garage sales, tutugon sa paglabag ang Enforcement staff, na maaaring magbunga sa isang multa.

Simula Abril 20, ang bawat sambahanay ay pwedeng maglagay ng hanggang dalawang ekstrang bag ng basura sa curb sa kanilang araw ng pagkolekta ng basura, nang walang tag ng basura. Ang labis na basura ay kailangang ilagay sa mga bag. Hindi kokolektahan ang mga container o mga lata.

Pakitandaan na kukunin lamang ng collection staff ang pinakamarami dalawang dagdag na bag. Ang mga residenteng bumili ng mga tag ng bag ay pinapayuhang hawakan ang mga ito hanggang sa karagdagang abiso.

Pinapaalalahanan ang mga residente na hindi kukunin ang mga malalaking item na hindi aakma sa isang bin o bag ng basura:

- sa curb;
- sa mga apartment/condominium; o
- tatanggapin sa Community Recycling Centres (CRCs).

Hinihiling sa mga residente na itapon ang mga guwantes, mask, at [iba pang mga basura sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay](#) sa basurahan, hindi sa recycling.

Hinihiling sa mga residente na hindi maghulog ng anumang donasyon sa mga bin ng Diabetes Canada o mga drop-off bin ng iba pang pagkakawang-gawang samahan na umaapaw sa buong Peel, dahil hindi kokolektahan ang mga ito. Mailalapat din sa mga CRC ng Peel ang sinuspendeng pagkolekta.

Kung talagang kailangan na kailangang umalis ng kanilang mga bahay ang mga residente para agad na itapon ang mga item, maaaring ihulog ang mga basura sa mga CRC, kung saan tinanggal ang mga bayad sa pagtatapon hanggang sa karagdagang abiso.

Ang mga CRC ng Peel ay kasalukuyang hindi tumatanggap ng electronics, mga gulong, malalaking appliance (tulad ng mga stoves, fridge at dishwasher) o malalaking item.

Para sa kaligtasan ng komunidad at staff, mananatiling limitado ang mga serbisyo sa mga CRC at dapat asahan ng mga residente ang mas mahaba kaysa normal na mga oras ng paghihintay.

Hinihikayat ang mga residente na tingnan ang [peelregion.ca/waste/community-recycling-centres](http://peelregion.ca/waste/community-recycling-centres) para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga oras na may operation at mga katangap-tanggap na item.

### **Mga parke at panonood ng cherry blossoms**

Ang mga residente ay pinaalalahanan na pinagbabawalan silang gamitin ang alinman sa sumusunod na mga pag-aari ng Lungsod:

- mga playground at iba pang mga istruktura sa mga parke;
- mga parke ng asong walang tali;
- mga picnic shelter;
- mga pasilidad ng outdoor sports at kasangkapan ng outdoor fitness, kabilang ang sports fields, basketball at tennis courts;
- mga center ng paglilibang at nakapaligid na lupain; at
- mga paradahan.

Nitong panahon ng cherry blossom, hinihiling sa mga residente na mangyaring hindi magtipon-tipon kasama ang mga kaibigan at pamilya para makita ang mga ito. Mananatiling sarado ang lahat ng parke at ginagawa ang mga pamamaraan ng paglayo sa iba dahil sa COVID-19. Ibabahagi ng Lungsod ang footage ng cherry blossoms para ma-enjoy ng mga residente mula sa kanilang mga bahay sa malapit na hinaharap.

### **Programa sa Hardin sa Likod-Bahay**

Sa ginagawang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, ang Programa ng Lungsod sa Hardin sa Likod-Bahay ay humihikayat sa mga residente na magtanim ng mga prutas/gulay at mga herb mula sa ginhawa ng kanilang mga bahay, at i-donate ang kanilang pinapatubo sa bahay na mga pananim sa mga lokal na food bank at mga organisasyon ng komunidad. Para matiyak na pantay na naipamahagi ang pagkain sa mga nangangailangan, ibibigay ang isang request form para punan ng mga food bank at mga organisasyon.

Maaari ring humingi ang mga residente ng mga libreng suplay (lupa at mga butil) sa pamamagitan ng pag-email sa [BramptonGreenCity@brampton.ca](mailto:BramptonGreenCity@brampton.ca). Nagbabahagi rin ang Lungsod ng mga tutorial at tip kung paano mamintina ang mga hardin sa [www.brampton.ca/parks](http://www.brampton.ca/parks).

Ang mga bagong aplikante ay idadagdag sa talaan ng naghihintay. Ang mga negosyo na makapag-donate ng mga butil at lupa para sa komunidad ay hinihiling na mag-email sa [bramptongreencity@brampton.ca](mailto:bramptongreencity@brampton.ca)

Magho-host si Mayor Patrick Brown ng isang Instagram Live chat (@patrickbrownont) kasama ang eksperto sa paghahardin na si Frank Ferragine “Frankie Flowers” at ang chair sa Programa sa Hardin



## Service and Information Update

sa Likod-Bahay at Konsehal ng Lungsod na si Doug Whillans, Wards 2 at 6, ngayong darating na Mayo 4 sa 3:30 pm. Iniimbitahan ang mga residente na sumali sa chat para matutunan ang mas marami pa tungkol sa Programa sa Hardin sa Likod-Bahay, makakuha ng mga tip sa paghahardin at marami pa.

### Paglilibang Sa Bahay

Sa pagiging sarado ng lahat ng Panlibangang mga pasilidad ng Lungsod ng Brampton hanggang sa karagdagang abiso, ang Brampton Recreation ay naglunsad ng Recreation at Home, isang birtwal na hub ng programa na nagtatampok ng sari-saring video at printable tutorials para panatilihing aktibo, naaaliw at engaged ang mga Bramptonian. Available ang mga digital resource para sa lahat ng pangkat ng edad at mga interes, sa tatlong bahagi: Virtual Fitness, Adventures sa Bahay sa Sining at Crafts, at Digital Café ng mga Senior. Bisitahin ang [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation) para sa mga aktibidad. Idadagdag linggo-lingga ang bagong nilalaman.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod para suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19) o sundan ang @CityBrampton sa Twitter, Facebook at Instagram.

-30-

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)